# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

# 1100 Christian Leadership ©

Conrad Jun Tolosa
Revised March 14, 2020

### Introduction

Ang history ng bayan ng Diyos ay istorya ng kapahamakan at pagliligtas. Mapapahamak ang bayan, ililigtas sila ng Diyos. Mula pa ng pagkahulog ng tao, nagsimula na ang labanan para sa pagsasakop ng mundo. Sa pagtatangkang sugpuin nila ang isa't isa, nagiging mas mabangis ang tao. Upang makalasap ng pagka-contento, kinakailangan na magkaroon sila ng 1) pakiramdam na sila ang may control ng kanilang kapaligiran, at 2) pagkabusog ng pita ng kanilang laman. Kaya naman ang resulta ay ang walang patid na pagnanasa at pagpupursigi na makamtan ang dalawang bagay na ito - mga bagay na walang hangganan.

Subalit ang tao ay lagi na lamang nangangailangan ng tulong. Wala silang magawa laban sa galit ng kalikasan, sa mga kamay na bakal ng mga dictador, at sa makasarili at makasalanang naisin. Dahil sa kahinaang ito kinakailangan ang Biblical Christian Leadership. Kailangan na pangunahan ang tao mula sa panganib tungo sa kaligtasan, mula sa pagkapiit tungo sa kalayaan, mula sa makasalanang buhay tungo sa buhay na makadiyos. Kapag sumusunod ang tao sa kapwa tao, ang laging kinahihinatnan ay kapahamakan. Ngunit kapag sa Diyos sumunod ang tao, tagumpay ang tiyak na kahahantungan. Sa paglalaan ng liderato, ginagamit ng Diyos ang mga ordinaryong tao na handang maglingkod sa Kanya.

Sa kabila ng hindi kapani-paniwalang pagsulong ng tecnolohiya, at pagkamal ng kayamanan, ang ating mundo ay puno pa rin ng karahasan at pagdurusa. Milyon na ang namatay sa mga digmaang-sibil sa iba't ibang dako ng mundo - sa Africa, sa Middle East, sa Asya, sa Silangang Europa. Milyon na rin ang namatay sa kagutuman o malnutrisyon sa Hilagang Korea, sa Bangladesh, sa India. Milyon pa rin ang nangamamatay dahil sa mga sakit na walang lunas. Libo-libo ang namamatay taon-taon dahil sa lindol at iba pang uri ng calamidad. Milyong sanggol na ang kusang inilaglag ng kanilang mga ina. Karimarimarim na larawan! Subalit ito ang ating mundong - - puno ng karahasan at kasamaan ng tao.

Ang tanong ay ito: May pag-asa pa ba? Ang magandang balita naman ay ito: Oo, may pag-asa pa. Hindi pa tapos ang Diyos sa kanyang gawain sa ating mundo. Mayroon pa siyang mga isinasa-katuparan sa buhay ng Kanyang bayan at sa mundong ating kinalalagyan at ginagalawan. Patuloy ang Diyos sa Kanyang palatuntunan ng pagliligtas. Patuloy Niyang tinutulungan tayo upang maisa-katuparan natin ang Kanyang layunin para atin - - ang maghubog ng isang daigdig na naaayon sa Kanyang kalooban at magbibigay sa Kanya ng kasiyahan. At sa kadahilanang ito kaya kinakailangan ang makadiyos na leadership.

### 1101. Ang Mga Katangian ng Isang Mabuting Leader

Ang mapaglingkod na pamumuno ay ang pangunguna sa paglilingkod. Ito ay pangunguna o pamumuno na kahalintulad sa pagpapastol ng tupa.

Isang araw lumapit kay Cristo ang magkapatid na James at John upang hilingin sa Kanya ang pinakamahusay na upuan sa Kanyang kaharian. Nagalit ang iba pang mga apostol nang marinig nila ang

kahilingang ito. Tinawag silang lahat ni Jesus at pinagsabihan ng ganito: *Alam ninyo na ang kinikilalang namumuno sa kalagitnaan ng mga hintil ay kumikilos na parang panginoon, at ang matataas na opisyal sa kanila ay talaga namang ginagamit ang kanilang awtoridad upang maisagawa ang kanilang kagustuhan. Ang sistemang ito ay hindi para sa inyo. Kundi ang sinumang nagnanais na maging nakatataas sa inyo ay kinakailangang maging taga-pagsilbi sa iba, at ang nagnanais na maging una ay kinakailangang maging alipin ng lahat.* Mark 10:42-44 Ito ang pinakabatayang prinsipyo ng tunay na makadiyos na pamumuno: ANG MANGUNA AY ANG MAGLINGKOD. Dito maraming naguguluhan - ang pagkilala sa secular leadership at sa pamumunong ayon sa turo ni Cristo.

May mga katangian na kapansin-pansin sa isang makadiyos na leader. Mga katangian na nakaaakit sa kawan na lumapit pang lalo sa kanya. Siya ay malalapitan ng mga naghahanap ng katotohanan, katuwiran at kabutihan. Natututo ang kawan na magtiwala sa kanyang karunungan at pagwawari, sumandal sa kanyang katapatan at katapangan, at mapukaw ng kanyang pananampalataya, kababaang-loob at katapatan. May hindi kukulang sa pitong katangian ang dapat taglay ng isang makadiyos na lider. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

1. *Wisdom o Karunungan***.** Ito ang katangiang nagpapakita kung paano gamitin ang mga kaalaman ayon sa kalooban ng Diyos. Ang kaalaman ay kinakailangan para magkaroon ng karunungan. Subalit hindi ibig sabihin na ang mayroong kaalaman ay mayroong pang-unawa sa mga layunin ng Diyos o sa Kanyang mga pamamaraan. Ang karunungan ay ang pagsasabuhay ng kaalaman sa paraan na kalugod-lugod sa Diyos. Katangahan o kamangmangan ang kabaligtaran nito.

Ang karunungan ni Joseph ang pinagmulan ng kanyang pang-unawa sa pamamaraan ng Diyos. Dahil sa karunungan nagkaroon si Joseph ng malawak na pagkaunawa sa layunin ng Diyos at sa plano na mapag-ingatan ng Diyos ang Kanyang bayan sa darating na taggutom. Nauwi ito sa pagiging punong-ministro ni Joseph sa bayang kanyang pinaglilingkuran. (Genesis 37:1-36)

Si Joshua ay kinikilala bilang isang magaling na military leader. Siya ay pinagkalooban ng Diyos ng karunungan upang pangunahan ang mga Hebreo sa pitong taong pananakop tungo sa Lupang Pangako na ipinangako ng Diyos kay Abraham. Ang kanyang buhay bilang modelo sa pagiging leader ay madalas na nagiging source ng practical application kung paano maging epektibong leader. Ang karunungang ito ang gumabay sa kanila tungo sa tagumpay. (Joshua 1:1-18)

Si Solomon ay humingi at pinagkalooban ng karunungan upang kanyang mapamahalaan ang bayan ng Diyos ng may katarungan. (1 Kings 3:1-28)

2. *Discernment o Pagwawari*. Ito ang katangian na nakakapaghusga kung ano ang tama o mali at mabuti o masama. Kasama dito ang pagsusuri o pag-eeksamin upang makapagsaayos ng isang determinasyon o ng mabuting pasiya. Kalabuang-isip ang kabaligtaran nito.

Dahil sa matalino at may pagkilala ng mabuting pasiya si Joseph, nagkaroon siya ng pang-unawa patungkol sa nararapat gawin upang maihanda ang buong Egypt para sa darating na taggutom. Nagkaroon siya ng malinaw na pangitain sa kung ano-anong bagay ang dapat maisaayos upang hindi sila maapektuhan ng taggutom. Naging malinaw ang kanyang pananaw sa mga susunod na maraming taon hanggang sa kabila ng taggutom. (Genesis 41:1-57)

Bukod sa pagiging magaling na military man, si Haring Solomon ay pinagkalooban din ng Diyos ng pagwawari upang makapaglapat ng tamang desisyon sa pagbibigay ng hustisya. Dahil dito, ang bayan ng Israel ay nagkaroon ng takot sa kanya sapagkat alam nila na ang kanyang pagwawari ay nanggaling sa Diyos. (1 Kings 3:16-26)

3. *Faith o Pagtitiwala*. Ito ang katangian na nakapagbibigay kasiguruhan sa buhay dahil sa mga pangungusap, pangako at direction ng Diyos. Ang pagtitiwala ay ang pagsasagawa at pagsasapamuhay ng salita ng Diyos na nagbibigay ng kakayahan na mabuhay ng may katiyakan sa Kanyang mga pangungusap, pangako at utos. Ang kabaligtaran ng pagtitiwala ay ang pag-aalinlangan na laging nauuwi sa pagsuway sa kalooban ng Diyos.

Naniwala si Noah sa mga babala ng Diyos tungkol sa mga pangyayaring di pa nagaganap. Sa pagbibigay karangalan sa Diyos, gumawa siya ng isang arko ayon sa mga detalye na dinikta ng Diyos sa kanya. Ang mga hindi nagtiwala sa Diyos ay nangalunod nang maganap ang malaking baha o delubyo. (Genesis 6:1-7:24)

Matututuhan natin sa buhay ni Joshua ang kanyang matibay na pananampalataya sa Diyos. Nang makarating na ang mga Israelita sa dulo ng Promised Land, inutusan ng Diyos si Moses na magpadala ng 12 spies upang magmanman sa sasakupin nilang lupain. Si Joshua (kasama si Caleb) ang isa sa mga nag-espiya. Sampu sa mga espiya ay nabahala dahil sa malalakas, mabagsik at malalaking mga kawal na naninirahan sa lugar na iyon. Si Joshua (at Caleb) lang ang hindi natakot sa laki ng mga kawal na kakalabanin nila sapagkat kilala niya ang Diyos. Malaki ang pagititiwala ni Joshua sa Diyos na kung paanong iniligtas sila sa kamay ng makapangyarihang Egyptians siguradong ganoon din ang gagawing pagliligtas sa kanila ng Diyos mula sa mga tribo na sasagupain nila. (Numbers 13, 14:7-10)

Sumunod agad si Abraham nang tawagin siya ng Diyos at pagsabihang pumunta sa isang lugar na hindi niya alam. Hinanap niya ang isang lungsod na may pundasyon, na ang architect ay ang Diyos. (Genesis 12:1-5, Acts 7:2-5, Hebrews 11:8-10)

Ang pagtitiwala sa Salita ng Diyos ay nagbubunga ng katapangan.

4. *Courage o Katapangan*. Ito ang katangian na nagpapatatag ng loob ng isang tao kapag may dumarating na panganib o kagipitan sa kanyang harapan. Hindi siya nakukuhang sindakin o takutin ng isang kaaway. Ang sukdulang tapang ay mapagmamasdan sa isang taong hindi bumibigay o yumuyuko sa pabigat ng kahihiyan, pagdurusa, o pagtatakwil sa kanya. Ang tama at mabuting katapangan ay ang paninindigan sa salita ng Diyos; ang mali at masamang katapangan ay ang bulag na pagsunod o ang may katangahang pagwawalang bahala sa panganib. Kaduwagan ang kabaligtaran ng katapangan.

Si Joshua ang namuno sa bayan ng Israel tungo sa Lupang Pangako na kung saan ay pinamamahayan ng iba't-ibang malalakas at mapandirigmang mamamayan. Kina-kailangan nila ang pwersadong pagkamkam sa pagsakop nila sa lupaing iyon. Nang kinomisyon ng Diyos si Joshua, ang sabi ng Diyos ay ganito: *Walang kalaban na tatayo sa iyong harapan sa buong buhay mo. Gaya nang Ako ay nasa tabi ni Moses, ganoon din Ako sa iyo; Hindi Kita iiwan o pababayaan kailanman. Magpakalakas ka at magpaka-tapang sapagkat pamumunuan mo ang iyong bayan upang manahin nila ang lupaing Aking ipinangako sa kanilang ninuno* (Joshua 1:5-6).

5. *Integrity o Pagiging Matuwid*. Ang pakikihalubilo sa iba ng taong may integridad ay matapat, walang pagkukubli o kahalong pandaraya. Walang mapanghahawakang kamalian ang sino man laban sa taong may integridad. Mapanloko, mapagkunwari, doble-kara ang mga kabaligtaran ng integridad.

Kasiya-siya sa Diyos na bigyang pansin ang integridad ni David. Ang sabi ng Diyos kay Solomon, *At ikaw, kung lalakad ka sa harapan Ko na may integridad at matuwid na puso, tulad ng iyong amang si David, at gagawin mo ang lahat ng Aking ipinag-uutos at susundin mo ang lahat ng Aking payo at batas, itatatag Ko ang iyong tronong royal sa ibabaw ng Israel magpakailan man, tulad ng pangako Ko sa ama mong si David nang sabihin Ko sa kanyang, "Palaging may uupong lalaki mula sa iyo sa trono ng Israel."* (1 Kings 9:4-5)

Napagtanto ni Potiphar na ang Diyos ay kasama ni Joseph sapagkat pinagtatagumpay ng Diyos si Joseph sa lahat ng kanyang gawain. Dahil dito, si Joseph ay ginawang katiwala ni Potiphar sa kanyang buong sambahayan at kanyang ari-arian. Si Joseph ay matapat na naglilingkod kay Potiphar hanggang siya ay nacompromiso nang siya ay bigyang pansin ng asawa ni Potiphar. Ipinamalas ni Joseph ang pagkakaroon niya ng integridad sa pamamagitan ng kanyang sagot sa asawa ni Potiphar na walang tigil sa panunukso sa kanya: Tingnan mo, nang gawin akong tagapangalaga ng aking master ng kanyang buong sambahayan at ari-arian, hindi na niya kailangang isipin pa ang mga bagay na ito. Wala nang mas hihigit pa sa tahanang ito at wala siyang ipinagkait sa akin maliban sa iyo sapagkat ikaw ang kanyang asawa. Paano ko magagawa ang isang kasuklam-suklam na gawain at kasalanang tulad nito laban sa Diyos?" (Genesis 39:5-20)

Ang isa pang halimbawa ng tao na may integridad ay si Daniel. Nang siya ay mapro-promote na bilang prime minister, maraming nainggit sa kanya at naghanap ng maipupula sa kanya. Sila ay nabigo sapagkat wala silang mahukay na questionable sa kanyang buhay. (Daniel 6)

6. *Humility o Pagpapakumbaba*. Ang katangian na nagtutulak sa paggawa ng bagay na kalugod-lugod sa Diyos at hindi para sa sarili o sa ibang tao. Dahil sa humility nakukuhang aminin ng isang tao ang kanyang pagkakamali. Ang matinding pagpapahalaga sa sarili ang kabaligtaran ng pagpapakumbaba.

Sinasabi ng Banal na Kasulatan na tunay na mapagpakumbaba si Moses mas pa kaysa sino man sa balat ng lupa. Nakatala sa Acts 7 na napakataas ng kanyang pinag-aralan at siya ay lalaking makapangyarihan sa salita at sa gawa. Subalit nang siya ay tawagin ng Diyos upang ipadala sa palasyo ni Paraon at upang pangunahan ang bayan ng Diyos tungo sa kalayaan mula sa pagka-alipin sa Egypt, sinabi ni Moses na mabagal ang kanyang bibig at dila sa pangangatuwiran. Hindi niya inisip na siya ang tamang lalaki para sa napakahalaga at mabigat na gawaing iyon. (Acts 7:2-22; Exodus 3: 1-15)

Si Solomon ay nagpakita ng pagpapakumbaba sa harapan ng Diyos. Kinilala niya ang kanyang kakulangan sa kakayahan upang mamuno ng may katarungan sa bayan ng Diyos. Kaya naman hiniling niya sa Diyos na bigyan siya ng karunungan. Higit pa doon ang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos. (1 Kings 3:4-14)

7. *Loyalty o Katapatan*. Ito ang katangian ng pagiging totoo at deboto sa Diyos at sa mga kaibigan. Ang pagpapatuloy na pagsuporta sa kaibigan kapag ito ay nakararanas ng pagsubok. Ang kabaligtaran nito ay pagtatraydor o pagtalikod.

Kahit na siya ay pinalaki ng anak na babae ng Pharoah at lumaki sa palasyo, tumangging paanib si Moses sa mga taga-Egypt. Lumaki siya na may mataas na pinag-aralan, may posisyon, at may kapangyarihan. Subalit sa halip na magnasa siya ng trono ng Egypt, minabuti pa niyang dumanas ng pasakit kasama ng bayan ng Diyos. (Acts 7:20-29; Hebrews 11:23-27).

Minahal ni Jonathan si David kahit na galit dito ang kanyang ama. Nangako si Jonathan na bibigyan niya ng babala si David kapag may manggagaling na panganib mula sa kanilang tahanan. (1 Samuel 20:1-17)

Ang katapatan ni Joshua ay kanyang pinamalas sa pamamagitan ng kanyang pagsunod sa pagpapabanal ng mga Israelita bago nila lusubin ang Promised Land at ganoon din nang matapos silang matalo sa pakikipaglaban sa Ai. Ang kanyang katapatan ay maliwanag na mapagmamasdan sa katapusan ng aklat ng Joshua kung saan hinimok niya ang bayan ng Israel na talikuran na ang kanilang mga diyos-diyosan at manatiling tapat sa pakikipagtipan nila sa Diyos sa Mt. Sinai. Ganito ang sinabi ni Joshua, At kung kasalanan sa inyong mata na maglingkod sa Panginoon, piliin ninyo ngayong araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran, ang mga diyos-diyosan ba na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa kabilang ibayo o ang mga diyos-diyosan ng mga Amorita kung saan kayo naninirahan. Subalit para sa akin at sa aking sambahayan, maglilingkod kami sa Diyos. (Joshua 24:15)

***Pag-isipan:***

1. Ano ang kinakailangan ng tao upang makalasap ng pagka-contento?
2. Kapag sumusunod ang tao sa kapwa tao ano ang laging kahihinatnan nito? Ano naman kahihinatnan kung susunod siya sa Diyos?
3. Sino ang ginagamit ng Diyos sa paglalaan ng liderato?
4. Ano ang mga katangian ng isang mabuting leader? Describe each.

**I. Multiple choice**

1. Ang mapaglingkod na pamumuno ay
   a. Pangunguna na kahalintulad sa pagpapastol ng tupa.
   b. Pangunguna sa paglilingkod.
   c. All of the above

2. Ang makadiyos na leader ay malalapitan ng mga naghahanap ng
   a. Kaperahan, kapayapaan at kasiglahan
   b. Katotohanan, katuwiran at kabutihan
   c. Katotohanan, kalakasan at kapangyarihan

3. Ang wisdom o karunungan ay
   a. Ang pagkakaroon ng kaalaman sa maraming bagay.
   b. Ang pagsasabuhay ng kaalaman sa paraan na kalugod-lugod sa Diyos.
   c. None of the above

4. Si Joseph ay nagkaroon ng malawak na pagkaunawa sa layunin at plano ng Diyos dahil sa kanyang karunungan.
   a. True
   b. False

5. Si Joshua ay magaling na military leader sapagkat mayroon siyang angking talino at karunungan.
    a. True
    b. False

6. Si Solomon ay humingi ng
    a. Maraming kayamanan sa Diyos.
    b. Karunungan sa Diyos.
    c. Karangayaan sa Diyos.

7. Ang Discerment o pagwawari ay
    a. Ang pagsusuri o pag-eksamin upang makapagsaayos ng mabuting pasya.
    b. Katangiang nakakapaghusga kung ano ang tama o mali at mabuti at masama.
    c. All of the above

8. Ang Faith o pagtitiwala ay
    a. katangian na nakapagbibigay kasiguruhan sa buhay dahil sa mga pangungusap, pangako at direction ng Diyos.
    b. Ang pagsasagawa at pagsasapamuhay ng salita ng Diyos.
    c. All of the above

9. Sina Noah, Joshua at Abraham ay mga halimbawa na tao sa Bibliya na nagtiwala sa salita ng Diyos.
    a. True
    b. False

10. Ang courage o katapangan ay
    a. Katangian na nagpapatatag ng loob ng isang tao kapag dumarating ang panganib o kagipitan.
    b. Ang kakayahan makipaglaban ng pisikal kahit kanino.
    c. Ang kakayahang makipag-basag-ulo kahit ano pa man ang kahahantungan nito.

11. Ang isang Cristiano ay nagkakaroon ng katapangan harapin ang anumang pagsubok dahil sa pangako ng Diyos na hindi Niya tayo iiwan o pababayaan kailanman.
    a. True
    b. False

12. Ang taong may integridad ay matapat, walang pagkukubli o kahalong pandaraya.
    a. True
    b. False

13. Si Joseph ay may integridad at matuwid sapagkat siya ay naakit sa asawa ni Potiphar.
    a. True
    b. False

14. Ang taong mapagpakumbaba ay gumagawa ng mga bagay na magbibigay puri sa kanyang sarili.
    a. True
    b. False

15. Ang loyalty ay mapapagmamasdan sa mga taong
    a. Naniniguro na sila ay may matatamong pakinabang sa sinusuportahan.
    b. Patuly na sumusuporta sa kaibigan mapa-hirap man o maginhawang sitwasyon.
    c. Tumatalikod na sa kaibigan kapag nakaranas ng problema.

## II. Short Essay (250 words – 20 points)

Ano ang iyong mga natutuhan sa ating mga pinag-aralan patungkol sa mapaglingkod na pamumuno?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *I-submit ang essay sa iyong Pastor.*

© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.